Government of **Western Australia**
**Mental Health Commission**

# Pagsangguni sa isang psychiatrist para sa isang pagsusuri



Ang Form 1A referral (pangsangguning porma 1A) ay isang utos sa ilalim ng Mental Health Act 2014 para masuri ka ng isang psychiatrist (saykayatris).

Ang polyetong ito ay nagbibigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan at kung ano ang maaasahan mo kapag ikaw ay nasa isang Form 1A referral.

Ang iyong tagapag-alaga, malapit na kapamilya o ibang taong personal na tagasuporta ay aabisuhan alinman ang gagawing pasiya ng psychiatrist.

## Paggamot

Sa panahon ng sanggunian, maaaring alayan ka ng paggamot tulad ng medikasyon at maaari mo itong tanggapin o tanggihan. Gayunman, kung tatanggihan mo ito at sa palagay ng mga kawani ay mahalaga ito upang mailigtas ang iyong buhay o mahadlangan kang pisikal na manakit ng sarili o ng iba, ang paggamot ay gagawin nang wala kang pahintulot. Tinatawag itong pangkagipitan na pangkaisipang paggamot (emergency psychiatric treatment).

## Ang iyong mga karapatan habang ikaw ay isinasangguni

- May karapatan kang tumanggap ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan, na masagutan ang iyong mga tanong at lubusang mabigyan ng kaalaman tungkol sa anumang paggamot na iaalay sa iyo.
- Kung ikaw ay pinigil, may karapatan kang kumontak sa mga tao kabilang ang iyong tagapag-alaga at kapamilya.
- May karapatan kang maging pribado at kompidensiyal.
- May karapatan kang humingi ng tulong mula sa Mental Health Advocacy Service. Ito ay isang libre at independiyenteng serbisyo (tel: 1800 999 057).
- Kung hindi ka nasisiyahan tungkol sa anuman, may karapatan kang magreklamo sa mental health service. Maaari ka ring magreklamo sa Health and Disability Services Complaints Office (HaDSCO) (tel: 1800 813 583).

## Higit pang impormasyon

Ang impormasyon sa polyetong ito ay nauukol sa mga batas na itinakda sa Mental Health Act 2014. Ang impormasyon tungkol sa Act ay nakabuod sa sumusunod na mga polyeto:

- Pagsangguni sa isang psychiatrist para sa isang pagsusuri
- Mga utos-paggamot para sa pasyenteng nasa ospital
- Mga utos-paggamot sa komunidad
- Impormasyon para sa mga boluntaryong pasyente
- Ginagamot para sa isang sakit pangkaisipan
- Impormasyon para sa mga taong personal na tagasuporta
- Mga hinirang na tao: paano ang paghirang at ano ang kahulugan nito.

Ang iba pang polyeto ay makukuha mula sa:

- The Mental Health Tribunal
- The Mental Health Advocacy Service
- The Mental Health Law Centre.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Mental Health Act 2014 at iba pang pagkukunan, bumisita sa website ng Mental Health Commission: www.mhc.wa.gov.au o tumelepono sa (08) 6272 1200.

This document can be made available in other languages and alternative formats on request.

Published by the Mental Health Commission (2015)

Ang Form 1A referral ay kakaiba sa isang ordinaryong pagsangguning ginagawa ng isang GP para sa isang konsultasyon sa espesyalista. Ang Form 1A referral ay isang utos sa ilalim ng Mental Health Act 2014 para masuri ka ng isang psychiatrist.

Kung ikaw ay nasa isang Form 1A referral, ito ay dahil may isang doktor o isang lubos na kwalipikadong praktisyoner ng kalusugang pangkaisipan, tinatawag na isang 'awtorisadong praktisyoner ng kalusugang pangkaisipan', na tumasa sa iyo at itinuring na maaaring kailangan mo ng di-boluntaryong pangkaisipang paggamot. Ang psychiatrist lamang ang makakapagpasiya kung kailangan mo o hindi ng di-boluntaryong pangkaisipang paggamot, kaya nagkumpleto ang doktor/praktisyoner ng isang Form 1A para isangguni ka sa isang psychiatrist para sa isang pagsusuri.

## Ano ang ibig sabihin ng pagsangguni?

Ang Form 1A referral ay may bisa nang 3 araw. Ito ay maaaring palugitan ng hanggang 6 na araw sa mga lugar na hindi siyudad.

Kapag ikaw ay nasa isang Form 1A referral, ito ay nangangahulugang kailangang pumunta ka para masuri ng isang psychiatrist sa lugar na binanggit sa referral. Kung kakailanganin, maaari kang pigilin ng doktor/praktisyoner upang matiyak na makararating ka sa lugar ng surian. Siya ay makapag-aayos din ng isang opisyal ng sasakyan o pulis para dalhin ka sa pagsusuri kung walang ligtas na magagawang paraan.

Pagdating mo sa lugar ng surian, hindi ka makakaalis hanggat hindi ka nasusuri ng psychiatrist, (maliban kung mahigit 24 na oras ka nang naghihintay, sa ganitong kaso ay maaari kang umalis).

## Pagsusuri ng isang psychiatrist

Susuriin ka ng psychiatrist sa pamamagitan ng pakikipag-usap at pagtatanong sa iyo. Kung kailangan, gagamit ng tagasalin sa wika. Sa ibang rural na lugar, ang pagsusuri ay maaaring gawin gamit ang video link.

Kung ikaw ay isang Aborihinal o taga-Torres Strait Island, ang pagsusuri ay maaaring gawin na may tulong ng isang Aborihinal o taga-Torres Strait Island na kawani ng kalusugang pangkaisipan, at/o mahahalagang miyembro ng iyong komunidad.

Sa oras ng pagsusuri, pag-iisipan ng psychiatrist ang mga sumusunod na batayan, upang makapagpasiya kung kailangan mo o hindi ng di-boluntaryong paggamot:

- Ikaw ba ay may sakit pangkaisipan na kailangang gamutin?
- May malaking panganib ka ba sa sarili o sa ibang tao kung hindi ka gagamutin?
- Ikaw ba ay sapat na magaling upang makapagpasiya tungkol sa paggamot?
- Mayroon bang mas hindi mahigpit na paraan ng paggamot sa iyo kaysa sa di- boluntaryong paggamot?

## Mga pasiyang gagawin ng psychiatrist

Matapos makipag-usap sa iyo at magsaalang-alang sa mga batayan, ang psychiatrist ay magpapasiya ng isa sa mga sumusunod:

- Hindi mo kailangang maging isang di-boluntaryong pasyente at dapat kang pahintulutang umalis. (Gayunman, maaari kang sumang-ayong magpagamot bilang isang boluntaryong pasyente).
- Kailangan kang maging isang di-boluntaryong pasyente at kailangang gamutin sa ospital. Ang psychiatrist ay gagawa ng utos-paggamot para sa pasyente sa ospital (Form 6A o 6B) at ikaw ay ipapasok sa ospital.
- Kailangan kang maging isang di-boluntaryong pasyente ngunit hindi ka kailangang nasa ospital at maaari kang gamutin sa komunidad. Gagawa ang psychiatrist ng isang utos-paggamot sa komunidad (Form 5A) at sasabihin sa iyo ang oras at lugar ng iyong unang appointment.

Kung ang pagsusuri ay ginagawa sa ospital na tumatanggap ng di-boluntaryong pasyente (di tulad ng sa isang klinika o ED), maipagpapaliban ng psychiatrist ang paggawa ng alinman sa mga pasiyang nasa itaas nang hanggang 72 oras mula ipasok ka sa ospital, upang makagawa ng higit pang pagsusuri.

